Australian Government

# Papel-kaalaman

## Ang maliliit na cell ay ini-install sa malapit sa aking tahanan. Ano ang kailangan kong malaman?

Ang maliliit na cell ay mga maliliit na kagamitang pangtelekomunikasyon na ginagamit upang pahusayin ang lokal na saklaw (local coverage), magdagdag ng kapasidad at suportahan ang mga bago o pinahusay na serbisyo ng mobile sa ating mga komunidad. Sa karamihan ng mga kaso, ang maliliit na cell ay gumagamit ng mga low-powered na radio transmitter na naglalabas ng radiofrequency electromagnetic energy (RF EME) sa mga antas na mas mababa sa tinukoy ng Pamahalaan bilang ligtas na mapalapit sa paninirahan, pagtatrabaho at pag-aaral sa araw-araw ng mga Australyano. Maaaring nakakita ka na ng maliliit na cell na nakakabit sa mga fixture tulad ng mga ilaw sa kalye, mga poste ng kuryente, o sa mga istasyon ng bus.



### Bakit napakarami kong naririnig tungkol sa maliliit na cell?

Bahagi ng dahilan ay ang 5G. Ito ang pinakabagong henerasyon ng teknolohiya para sa mga network ng mobile phone at ang mga kompanya ng telekomunikasyon ay naglulunsad ng bagong maliit na imprastraktura ng cell. Ito ay magbibigay-daan upang malaman ng mga kostumer ang mga benepisyo ng bagong teknolohiya para sa kanilang sarili, tulad ng mabilis na pag-download, mas mataas na limitasyon sa data, at nabawasan ang pagkaantala sa pag-load ng nilalaman (content). Ang mas malawak na mga benepisyo ay nangangahulugan na magagamit ang bagong teknolohiya sa mga bagong application na nangangailangan ng maraming data, tulad ng pagtatrabaho mula sa bahay, o sa mga malayuang serbisyong pangkalusugan.

### Ibig sabihin, ang maliliit na cell ay bago pa lang?

Ang maliliit na cell ay hindi na bago. Ang mga ito ay mahalagang bahagi ng imprastrakturang pangtelekomunikasyon sa mahigit na isang dekada at umakma sa mas malaking macro mobile phone network upang mapabuti ang saklaw, magdagdag ng kapasidad at suportahan ang mga bago o pinahusay na mga serbisyo at karanasan, tulad ng 5G, sa mga lokal na lugar.

### Sino ang nag-i-install ng maliliit na cell na ito?

Ipinatupad ng Pamahalaan ang mga batas na nagpapahintulot sa mga kompanya ng telekomunikasyon tulad ng Telstra, Optus at Vodafone/TPG na mag-install ng mga imprastrakturang pang-telekomunikasyon na tinukoy bilang mga low-impact facility, tulad ng maliliit na cell, sa pribado o pampublikong lupain at imprastraktura at magtakda ng mga panuntunan para sa paraan ng pag-install ng mga kompanya ng telekomunikasyon. Ang Industry Code para sa Mobile Phone Base Station Deployment ay nag-aatas sa mga kompanya ng telekomunikasyon na abisuhan ang mga may-ari ng lupa at mga naninirahan tungkol sa mga iminungkahing instalasyon sa kanilang lupain o imprastraktura, at abisuhan ang komunidad sa kalapit na lugar.

### At sino ang may pananagutan sa pangangasiwa ng mga ito?

Maaari itong suriin ng Australian Communications and Media Authority (ACMA) upang matiyak na ang mga kompanya ng telekomunikasyon ay sumusunod sa mga kinakailangang pag-aabiso na nasa Koda ng Industriya at maaari ring suriin na ang mga antas ng RF EME na inilalabas ng maliliit na cell, o iba pang mga pasilidad ng telekomunikasyon, ay nasa mababa sa maximum na antas ng ligtas na pagkalantad na tinukoy sa nauugnay na Radiofrequency Standard na itinakda ng Australian Radiation Protection and Nuclear Safety Agency (ARPANSA).

### Ngunit ligtas nga ba ang mga ito?

Ang maliliit na cell ay napapailalim sa parehong mga regulasyon na gaya ng sa mga kagamitang ginagamit sa lahat ng iba pang mga base station ng mobile phone, mga device at iba pang kagamitang pang-telekomunikasyon. Kapag gumagana sa mga antas na itinakda sa Radiofrequency Standard ng ARPANSA, ligtas ang maliliit na cell at iba pang imprastraktura na pangtelekomunikasyon.

Alamin ang higit pa tungkol sa agham ng ligtas na koneksyon sa **eme.gov.au**

THE SCIENCE OF SAFE CONNECTION